Shri Mataji Nirmala Devi

Talaan ng mga Piling Pangyayari sa Buhay

Naglakbay si Shri Mataji sa buong buhay niya, at sa panahon mula 1970 hanggang unang bahagi ng dekada 2000, walang tigil siyang naglakbay, nag-aalok ng libreng pampublikong lektura at ng karanasan ng self-realization (pagkamulat sa sarili) para sa lahat. Binigyan niya ng kakayahan ang mga tao na ipasa ang mahalagang karanasang ito sa iba, gayundin ang teknik na kinakailangan upang mapanatili ito, na kilala bilang Sahaja Yoga meditation.

Narito ang isang maikling talaan ng mga pangyayari kung saan siya ay may mahalagang papel.

1923

Ipinanganak noong ika-21 ng Marso sa Chhindwara, India

1930

Nagbigay ng talumpati sa Sabarmati ashram ni Mahatma Gandhi, sa gulang na pito

1940s

Nag-aral sa Christian Medical College, Lahore, India

1947

Naantala ang pag-aaral dahil sa kaguluhan sa India
Kalayaan ng India
Ikinasal kay Chandrika Prasad Srivastava
Isinilang ang unang anak na babae, si Kalpana

1950

Isinilang ang pangalawang anak na babae, si Sadhana

1961

Itinatag ang ‘Youth Society for Films’ at naging miyembro ng Film Censor Board sa Mumbai, India

1964

Ang asawa, si C.P. Srivastava, ay naging joint Private Secretary ng Punong Ministro ng India na si Lal Bahadur Shastri

1966

Ang asawa, si C.P. Srivastava, ay naging pinuno ng Shipping Corporation of India

1970

Pagbubukas ng Sahasrara Chakra noong ika-5 ng Mayo sa Nargol, India, na naging dahilan upang sa unang pagkakataon sa kasaysayan ng espirituwalidad, makatanggap nang sabay-sabay (en masse) ang mga tao ng self-realization
Unang internasyonal na kaganapan ng Sahaja Yoga sa Tehran, Iran

1971

Pagtatatag ng Sahaja Yoga

1972

Naglakbay mula India patungong USA sakay ng barko

1973

Unang pampublikong programa ng Sahaja Yoga sa Dhulia, India

1974

Ang asawa, si C.P. Srivastava, ay naging Secretary-General ng International Maritime Organisation na nakabase sa London, UK
Lumipat ang pamilya sa London

1977

Nagsimula ang unang opisyal na audio recording ng mga talumpati ni Shri Mataji sa India, sinundan ng England
Unang pampublikong programa ng Sahaja Yoga sa labas ng India sa Caxton Hall, London noong Oktubre 20, 1977

1978

Unang weekend seminar ng Sahaja Yoga sa labas ng India sa Easthampstead Park, Berkshire, UK noong ika-14/15 ng Oktubre 1978

1979

Nagsalita sa Delhi University

1980

Naglakbay sa Europa upang ipakilala ang Sahaja Yoga sa pamamagitan ng mga pampublikong programa

1981

Naglakbay sa Australia at Hilagang Amerika upang ipakilala ang Sahaja Yoga sa pamamagitan ng mga pampublikong programa

1982

Ang una sa maraming taunang Sahaja Yoga Tours of India

1983

Ang asawa, si C.P. Srivastava, ay naging founding chancellor ng World Maritime University sa Malmo, Sweden

1985

Unang internasyonal na seminar ng Sahaja Yoga sa Ganapatipule, India

1986

Ginawaran ng ‘Personality of the Year’ ng Pamahalaan ng Italya

1987

Naglakbay sa USSR upang ipakilala ang Sahaja Yoga sa pamamagitan ng mga pampublikong programa

1989

Naglakbay sa Timog Amerika upang ipakilala ang Sahaja Yoga sa pamamagitan ng mga pampublikong programa

1990

Unang programa para sa mga kawani ng United Nations sa New York
Ang asawa, si C.P. Srivastava, ay ginawaran ng pagkabalyan (knighted) ni Reyna Elizabeth II sa England
Nagtalumpati sa Medical Conference sa Moscow
Pagtatatag ng Sahaja Yoga International School sa Dharamshala, India

1991

Lumipat sa Cabella Ligure, Italy

1992

Unang pampublikong programa sa Royal Albert Hall sa London

1993

Hinirang bilang Honorary Member ng Petrovskaya Academy of Art and Science, St. Petersburg, Russia

1994

Naglakbay sa Tunisia

1994

Nagtalumpati sa Science Conference sa St. Petersburg

1995

Nagsalita sa kumperensya ng UN sa Beijing
Inilathala ang aklat na “Meta Modern Era”

1996

Naglakbay sa Cairo, Egypt
Nagbukas ang Sahaja Yoga Health Centre sa Belapur, India

1997

Pagtatatag ng NGO na ‘Loving Hands’ para sa mga dukhang kababaihan at bata sa Delhi, India
Malaking pampublikong programa sa US sa Cathedral of St John the Divine, New York

1998

Nagtalumpati sa Medical Conference sa Italya
Nagtalumpati sa Science Conference sa Russia

2003

Nagtatag ng Music & Arts Academy sa Vaitarna, India

2008

Nagtalumpati sa isang malaking seminar sa hilagang Italya, ang pinakabago sa humigit-kumulang tatlong libong naitalang mga talumpati
Naglakbay sa Vienna upang inagurahan ang Nirmal Prasht National Centre

2010

Naglakbay sa huling pagkakataon patungong India para sa pagdiriwang ng Diwali
Ipinagdiwang ang Pasko sa pamamagitan ng pagho-host ng isang internasyonal na seminar sa Genoa, Italy

2011

Pumanaw si Shri Mataji noong ika-23 ng Pebrero 2011 sa gulang na walumpu’t pitong taon, sa Genoa, Italy.




Superego
(Subconscious)
Past
Id
(Superconscious)
Future
AGNYA CHAKRA
Mother Mary & Jesus Christ
SUSHUMNA NADI
HEART CHAKRA
LEFT
CENTRE
RIGHT
MULADHARA
Sri Ganesha